# O Allah,Kaawaan Mo ang mga nagsipagkalbo.Nagsabi sila: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok] O Sugo ni Allah? Nagsabi siya:O Allah,Kaawaan Mo ang mga nagsipagkalbo.Nagsabi sila: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok] O Sugo ni Allah? Nagsabi siya:O Allah,Kaawaan Mo ang mga nagsipagkalbo.Nagsabi sila: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok] O Sugo ni Allah? Nagsabi siya: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok]

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa-buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Tunay na nagsabi siya: ((O Allah,Kaawaan Mo ang mga nagsipagkalbo.Nagsabi sila: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok] O Sugo ni Allah? Nagsabi siya:O Allah,Kaawaan Mo ang mga nagsipagkalbo.Nagsabi sila: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok] O Sugo ni Allah? Nagsabi siya:O Allah,Kaawaan Mo ang mga nagsipagkalbo.Nagsabi sila: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok] O Sugo ni Allah? Nagsabi siya: At ang mga nagpa-iksi [ng buhok]))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Pagkakalbo at pagpapa-iksi ng buhok ay kabilang sa gawaing Hajj at `Umrah,Ngunit ang Pagkakalbo ay higit na mainam sa pagpapa-iksi,sapagkat ito ay higit na ganap sa pagsamba,at pagpapakumbaba kay Allah-Pagkataas-taas Niya,Sa pamamagitan ng pagpapakalbo sa buhok ng ulo para sa Allah-Pagkataas-taas Niya,Kung-kaya`y ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nanalangin para sa mga nagpakalbo ng Habag [ ni Allah] nang tatlong beses,Habang ang mga taong naroroon ay ipinapaalala sa kanya ang mga nagpa-iksi,ngunit hindi niya ito pinapakinggan sa kanila,At sa ikatlo o apat na beses,Isinama niya sa kanila ang mga nagpa-iksi ng buhok sa pananalangin,bilang pagpapatunay sa karapatan ng mga kalalakihan ay siyang pinakamainam.At ito ay kapag hindi sa `Umrah na Attamattu,At nagiging masikip ang oras na kung saan ay hindi tutubo ang buhok,para isagawa ang pagkakalbo para sa Hajj,Kaya ang Pagpapa-iksi sa karapatan niya [Umrah Attamattu] ay higit na mainam;Sapagkat siya ay kakalbuhin din pagkatapos nito.